elections alberta

# ANG PAGBOTO SA ALBERTA
# MGA PROBINSIYAL NA ELEKSYON


# TAGALOG

| | |
|---|---|
| English | English |
| French | Français |
| **Tagalog** | **Tagalog** |
| German | Deutsch |
| Punjabi | ਪੰਜਾਬੀ |
| Chinese | 简体中文 |
| Spanish | Español |
| Arabic | اللغة العربية |
| Vietnamese | Tiếng Việt |
| Polish | Polski |
| Ukrainian | Українська |
| Hindi | हिंदी |
| Farsi | فارسی |
| Russian | Русский |
| Dutch | Nederlands |
| Korean | 한국어 |
| Italian | Italiano |
| Cree | nehiyawak |
| Blackfoot | Siksikáí'powahsin |

# MGA KWALIPIKASYON

## Ikaw ay dapat:








- isang Canadian Citizen
- 18+ taong-gulang, at
- isang resident ng Alberta

# REHISTRASYON


**Dapat kang magrehistro upang makaboto. Maari kang magrehistro bago ng eleksyon o pagdating mo sa poll.**

### *Opsyon #1 – Advance na Pagboto:*

### Online - [voterlink.ab.ca](voterlink.ab.ca)

**Gamitin ang iyong Alberta Driver's Licence o Alberta Identification Card upang i-access ang online system.**

**Kung wala kang ganitong ID, tumawag sa ID, call 1-877-422-8683.**





### *Opsyon #2 – Pagboto sa Poll:*

### Pagpunta mo sa botohan

**Dapat mo ipakita sa amin ang mga dokumento na mayroong iyong**

- **Buong legal na pangalan, at**
- **Address kung saan ka kasalukuyang nakatira**

**Dapat ka rin pumirma sa isang pormularyo na nagpapahayag na ikaw ay isang kwalipikadong botante.**



**Tingnan ang susunod na pahina upang malaman kung anong ID ang aming tinatanggap.**

# IDENTIPIKASYON

**Upang patunayan ang iyong identidad, dapat kang magpakita ng kahit isang photo ID lamang na inisyu ng pamahalaan.**


**Kung hindi ito posible, dapat kang magpakita ng dalawang ID sa halip nito. Pero ang dalawang ID ay dapat mayroong iyong buong pangalan at ang isa dito ay dapat nagpapakita ng iyong kasalukuyang tirahan upang ito'y maging balido.**

**Kung wala kang anumang ID, maaring mag-vouch para sa iyo ang ibang tao. Kontakin kami para sa karagdagang impormasyon tungkol sa prosesong ito.**

## Mga halimbawa ng ID na nagpapakita ng pangalan:





## Mga halimbawa ng ID na nagpapakita ng pangalan at address:




Ang buong listahan ay makikita online sa: [elections.ab.ca/voters/id-required-to-vote/](elections.ab.ca/voters/id-required-to-vote/)

# PAANO MAKAKABOTO

## *Araw ng Eleksyon*




- **Ang botohan ay isasagawa sa paaralan, simbahan, o community hall malapit sa iyo**
- **Ang lahat ng mga poll ay bukas mula 9:00 am hanggang 8:00 pm**
- **Maari kang bumoto sa poll lamang na itinakda para sa iyo**

## *Advance Polls*




- **Ang botohan ay isasagawa sa mga mall, library, o mga unibersidad malapit sa iyo**
- **Ang karamihan ng mga poll ay bukás sa pagitan ng 9:00 am at 8:00 pm, pero maaring mag-iba ang mga oras**
- **Maari kang bumoto sa anumang advance poll na pipiliin mo**
- **Ito'y mula Martes hanggang Sabado sa linggo bago dumating ng Araw ng Eleksyon**

## *Espesyal na Balota*




- **Ang botohan ay isasagawa sa opisina ng eleksyon malapit sa iyo, o gamit ang isang mail-in na balota**
- **Ito'y magagamit ng mga taong hindi makakaboto sa ibang paraan**
- **Ang mga botante na boboto gamit ang mail ay dapat maagang mag-order ng kanilang balota dahil kailangan ng panahon upang iproseso ito**
- **Dapat isauli ang package bago ng Araw ng Eleksyon**
- **Ito'y available oras na nagsimula ang panahon ng eleksyon, hanggang sa Araw ng Eleksyon (28-araw na panahon)**

**Mag-request ng mail-in na balota online sa elections.ab.ca o kaya'y tumawag sa 1-877-422-8683.**

# ANG PAGBOTO NANG PERSONAL

## *Ang Pagboto nang Personal*

**Ang mga hakbang sa proseso ng pagboto ay:**

**1) Pagdating mo ay babatiin ka ng isang opisyal sa eleksyon na magkokompirma ng iyong rehistrasyon**

**2) Kung rehistrado ka na, dadalhin ka ng opisyal sa eleksyon sa isang bukás na istasyon kung saan ka boboto**

**3) Kailangan mong kompirmahin ang iyong pangalan at address upang mabigyan ng balota**

**4) Magpunta sa likod ng privacy screen. Markahan ng "X" ang iyong balota, o kaya'y punan ang bilog sa tabi ng kandidato na nais mong iboto.**


**5) Ibalik ang balota sa opisyal ng eleksyon, ilagay ito sa ballot box, at tapos ka na!**

## *Ako'y nagkamali...*

**Kung ikaw ay nagkamali, mangyaring kausapin ang taong nagbigay sa iyo ng iyong balota. Maari ka niya bigyan ng kapalit na balota**

## *Pagiging Sekreto*

**Sekreto ang iyong balota. Maliban kung kailangan mo ng tulong, huwag ipakita sa sinoman kung paano ka bumoto. Huwag kunan ng retrato o i-share sa internet ang mga retrato ng iyong balota.**



# ANG PAGBOTO SA MAIL

## *Ang Pagboto sa Mail*

Ang mga hakbang sa proseso ng pagboto sa mail ay:

1) Mag-apply nang maaga para sa iyong ballot package sa elections.ab.ca

2) Matatanggap mo ang iyong ballot package sa mail

3) Isulat sa balota ang pangalan ng kandidato o partido na nais mong iboto *(Ang mga candidato ay makikita sa elections.ab.ca)*

4) Kumpletohin at pirmahan ang iyong pormularyo ng deklarasyon at gumawa ng kopya ng iyong ID

5) Ihanda ang package upang isauli ito

6) I-mail ito bago dumating ng Araw ng Eleksyon



**Paano mag-apply at Makakuha ng Balota**

↓

**Bumoto**

↓

**Kumpletohin ang mga Pormularyo at Isama ang ID**

↓


**Package**

↓


**Isauli sa Mail**

# ACCESSIBILITY


**Nag-aalok kami ng iba't-ibang mga opsyon upang tulungan kang bumoto:**



**Dalhin ang iyong Sariling Device**
nang ang balota ay mag-isang mababasa ng mga taong malabo ang paningin




**Malaking Pencil**
nang ang mga taong nahihirapan humawak ng normal na lapis ay komportableng makapagmamarka sa kanilang balota




**Voter Template**
nang matulungan bumoto ang mga taong malabo ang paningin sa paraang maproprotektahan pa rin ang kanilang sekretong pagboto



**Hahawakang Magnifier**
nang ang text ay malinaw na mababasa ng mga taong malabo ang paningin



**Level Access**
nang mapahusay ang access sa polling na lugar



**Tulong sa Botante**
nang makapagbigay ng tulong o mapahintulutan ang pagkuha ng tulong mula sa isang pinagkakatiwalaang kaibigan ng botante

Suite 100, 11510 Kingsway NW
Edmonton, Alberta T5G 2Y5

Libreng Matatawagang Numero: 310-0000 | Telepono: 1-877-422-VOTE (8683)
www.elections.ab.ca | info@elections.ab.ca